

**ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER (OSPITAL AT MEDICAL
CENTER NG ENGLEWOOD)
PATAKARAN SA PINANSYAL NA TULONG**

Isang Simpleng Buod

Alinsunod sa aming Patakaran sa Pinansyal na Tulong (tingnan ang sanggunian sa ibaba), ang lahat ng pasyenteng walang insurance na hindi naaprubahan para sa Medicaid o Pangangalagang Pangkawanggawa ay makakatanggap ng pinansyal na tulong mula sa EHMC. Sinisingil ang mga pasyenteng ito ng isang partikular na porsyento ng mga aktwal na singil sa kanila nang “may diskwento,” na nakakabawas nang malaki sa halaga ng bill na dapat bayaran ng pasyente. Ang isang pasyenteng walang insurance ay hindi sisingilin nang mas malaki sa may diskwentong rate para sa emergency o iba pang kinakailangang medikal na pangangalaga

Hindi kailangang mag-apply ng isang pasyenteng walang insurance para sa tulong dahil awtomatiko ang kwalipikasyon ng lahat ng pasyenteng walang insurance at sisingilin sila sa may diskwentong rate na inilarawan sa itaas. Walang criteria sa kwalipikasyon maliban sa kawalan ng insurance ng pasyente at dapat ay agarang kinakailangan o medikal na kinakailangan ang serbisyong ibibigay.

Ang mga sumusunod na patakaran ay makikita sa website ng Englewood Hospital and Medical Center sa www.inglewoodhealth.org

Patakaran sa Pinansyal na Tulong
Programang Tulong sa Pagbabayad para sa Pangangalaga ng New Jersey Hospital
(Pangangalagang Pangkawanggawa)
Patakaran sa Pagsingil at Mga Pagkolekta

Available din ang mga kopya ng mga patakaran sa itaas sa mga lugar kung saan nagpaparehistro at sa Financial Counseling Department (Departamento ng Pinansyal na Pagpapayo) ng EHMC sa 350 Engle St. Englewood, NJ 07631

Maaari ding matanggap ang isang libreng kopya ng alinman sa mga patakarang binanggit sa itaas sa pamamagitan ng koreo. Mangyaring tumawag sa (201) 894-3031 upang makakuha ng isang kopya. Available ang mga kinatawan mula Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 9am at 5pm sa (201) 894-3031 upang sumagot ng mga tanong na nauugnay sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong.

Ang mga patakaran sa itaas ay available sa mga sumusunod na wika:

English
Spanish
Korean
Chinese
Russian
Japanese

Italian
Tagalog
Arabic
Gujarati
Greek
Portuguese/Portuguese Creole
Serbio-Croatian
Armenian

ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER		NO.: 400.35
MANUAL NG PATAKARAN AT PROSESO - SEKSYON Mga Administratibo at Pansuportang Serbisyo	PAKSA: Patakaran sa Pinansyal na Tulong	PETSA: 1/1/2016
		Pahina 1 ng 2
		PINAPALITAN ANG: Bago
		NIREPASO:

Patakaran

Ginagamot ng Englewood Hospital and Medical Center (EHMC) ang lahat ng pasyente, mayroon o wala man silang kakayahang bayaran ang lahat ng pangangalagang pang-emergency at medikal na kinakailangan. Pinapagtibay at pinapalawak ng EHMC ang mga alituntunin sa pagsingil na nakasaad sa N.J.S.A §26:2H-12.52 "Limitasyon sa Mga Singilin para sa Ilang Partikular na Pasyenteng Walang Insurance" at nag-aalok ito ng pinansyal na tulong sa lahat ng pasyenteng walang insurance, gaano man kalaki o kaliit ang kanilang kita. Ang nasasaklaw lang ng patakarang ito ay ang lahat ng serbisyo sa pangangalagang medikal na kinakailangan at pang-emergency na medikal na pangangalaga na ibinigay ng Englewood Hospital and Medical Center at hindi nito nasasaklaw ang anumang mga serbisyo ng propesyonal na nauugnay sa naturang pangangalaga.

Mga Proseso

- 1.) Ang lahat ng pasyenteng walang insurance na hindi naaprubahan para sa Medicaid o Pangangalagang Pangkawanggawa (basahin ang Patakaran ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital/Pangangalagang Pangkawanggawa (Charity Care) ng New Jersey) ay sisingilin ng porsyento ng kanilang mga kabuuang bayarin. Alinsunod sa batas ng estado, katumbas ng pagbabawas na ito ang 115% ng mga rate sa Medicare ng EHMC. Gumagamit ang EHMC ng look-back method sa pamamagitan ng paghahati sa kabuuan ng lahat ng bayad ng Medicare gamit ang kabuuan ng lahat ng singilin sa Medicare sa loob ng nakalipas na labindalawang buwan upang matukoy ang halagang sisingilin. Ang mga pagbubukod dito ay kapag may mga paunang tinukoy na rate na ang pasyente mismo ang magbabayad (self-pay) para sa ilang partikular na proseso na hindi medikal na kinakailangan, gaya ng cosmetic surgery.
- 2.) Alinsunod sa mga regulasyon ng seksyon 501(r) ng IRS, inihahambing ng EHMC ang porsyentong tinutukoy at kinakalkula sa #1 sa itaas sa "look-back" method tulad ng nakadetalye sa 501(r), gamit ang lahat ng data ng mga claim, at ina-adjust nito ang porsyento ng diskwento ng pasyente sa kung alin sa dalawa ang mas malaki. Isinasagawa ang mga naturang pagkakalkula sa pangkalahatan upang matukoy ang diskwentong porsyento na ilalapat sa lahat ng serbisyong hindi nasasaklaw ng insurance, at hindi ayon sa serbisyo, alinsunod sa 501(r). Taun-taong isinasagawa ang mga pagkakalkulang ito at ipinapatupad bago lumipas ang 60 araw pagkatapos ng taon sa kalendaryo.
- 3.) Hindi kailangang mag-apply ng pasyenteng walang insurance para sa pinansyal na tulong dahil awtomatikong babawasan alinsunod sa porsyento ng mga kabuuang bayarin ang lahat ng bill ng pasyenteng walang insurance, tulad ng inilarawan sa #1 sa itaas. Walang mga pamantayan sa "pagiging kwalipikado," bukod sa walang insurance ang pasyente at pang-emergency o medikal na kinakailangan ang ibinigay na serbisyo.
- 4.) Kung tanggihan ng kumpanya ng insurance ng pasyente ang kanyang claim sa mga dahilang gaya ng: nagamit na ang mga benepisyo, pang-eksperimento, medikal na pangangailangan, dati nang kundisyon, mga hindi nasasaklaw na singilin, atbp., sisingilin ang pasyente sa walang insurance na rate ng porsyento ng mga kabuuang bayarin tulad ng inilarawan sa #1 sa itaas.

ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER		NO.: 400.35
MANUAL NG PATAKARAN AT PROSESO - SEKSYON Mga Administratibo at Pansuportang Serbisyo	PAKSA: Patakaran sa Pinansyal na Tulong	PETSA: 1/1/2016
		Pahina 2 ng 2
		PINAPALITAN ANG: Bago
		NIREPASO:

- 5.) Sumangguni sa Patakaran ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital/Pangangalagang Pangkawanggawa ng New Jersey upang malaman ang Mga Proseso sa pag-a-apply para sa tulong sa pamamagitan ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital/Pangangalagang Pangkawanggawa ng New Jersey sa EHMC.
- 6.) Sumangguni sa Patakaran sa Pagsingil at Pangongolekta upang malaman ang mga proseso ng pagsingil at pangongolekta ng EHMC.
- 7.) Makakakuha ng hard copy ng patakarang ito sa Financial Counseling Department, gayundin sa lahat ng lugar kung saan May Access ang Pasyente sa Medical Center at sa lahat ng off-site na lokasyon ng EHMC. Mababasa rin ang patakarang ito sa website ng Englewood Hospital and Medical Center sa www.inglewoodhealth.org

	INAPRUBAHAN NI: Warren Geller, Presidente at CEO
--	--

ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER		NO.: 400.34
MANUAL NG PATAKARAN AT PROSESO - SEKSYON Mga Administratibo at Pansuportang Serbisyo	PAKSA: Patakaran ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey	PETSA: 1/1/2016
		Pahina 1 ng 3
		PINAPALITAN ANG: Bago
		NIREPASO:

Patakaran

Ginagamot ng Englewood Hospital and Medical Center (EHMC) ang lahat ng pasyente, mayroon o wala man silang kakayahang bayaran ang lahat ng pangangalagang pang-emergency at medikal na kinakailangan. Sinusunod ng EHMC ang mga regulasyon para sa Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa o Charity Care) ng New Jersey na itinatakda ng Department of Health and Human Services ng New Jersey.

Ang Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey ay libreng pangangalaga o pangangalagang may diskwento ang bayad na ibinibigay sa mga pasyenteng nakakatanggap ng inpatient at outpatient na pangangalagang pang-emergency at medikal na kinakailangan. Ang nasasaklaw lang ng programang ito ay ang mga bayarin sa ospital at hindi nito nasasaklaw ang anumang mga bayarin para sa mga serbisyo ng propesyonal.

Mga Proseso

- 1.) Ang Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey ay maaaring makuha ng mga residente ng New Jersey na:
 - a.) Walang coverage na pangkalusugan o may coverage na maliit na bahagi ng bill lang ang binabayaran; at
 - b.) Hindi kwalipikadong makakuha ng anumang coverage na pribado o mula sa pamahalaan (gaya ng Medicaid); at
 - c.) Parehong natutugunan ang mga pangkwalipikasyong pamantayan sa kita at mga asset.
- 2.) Ang Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey ay maaari ding makuha ng mga hindi taga-New Jersey, alinsunod sa mga partikular na probisyon.
- 3.) Ang Mga Pamantayan sa Kita na itinatakda ng Department of Health and Human Services ng New Jersey ay ang sumusunod:

Kita bilang Porsyento ng Mga Alituntunin sa Kita ng Mahirap ng HHS

Porsyento ng Singiling Babayaran ng Pasyente

Wala pang 200% o katumbas nito	0%
Mas malaki kaysa sa 200% ngunit wala pang 225% o katumbas nito	20%
Mas malaki kaysa sa 225% ngunit wala pang 250% o katumbas nito	40%
Mas malaki kaysa sa 250% ngunit wala pang 275% o katumbas nito	60%
Mas malaki kaysa sa 275% ngunit wala pang 300% o katumbas nito	80%
Mas malaki kaysa sa 300%	100%

- 4.) Kung ang mga pasyenteng nasa 20% hanggang 80% sliding fee scale ay responsable sa mga

ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER		NO.: 400.34
MANUAL NG PATAKARAN AT PROSESO - SEKSYON Mga Administratibo at Pansuportang Serbisyo	PAKSA: Patakaran ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey	PETSA: 1/1/2016
		Pahina 2 ng 3
		PINAPALITAN ANG: Bago
		NIREPASO:

kwalipikadong medikal na gastusing babayaran mula sa sariling bulsa na mahigit 30% ng kanilang kabuuang taunang kita (tulad ng mga bill na hindi binayaran ng iba pang mga partido), ituturing ang halagang sobra sa 30% na Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa).

- 5.) Ang Mga Pamantayan sa Mga Asset na itinatakda ng Department of Health and Human Services ng New Jersey ay ang sumusunod:

Ang mga asset ng indibidwal at pamilya ay hindi dapat lumampas sa limitasyong itinatakda ng Department of Health and Human Services ng Estado ng New Jersey para sa Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey. Kung lumampas sa limitasyon ang mga asset ng pasyente, maaaring “gastusin” (“spend down”) ng pasyente ang mga asset hanggang sa tumugma ang mga ito sa mga kwalipikadong limitasyon sa pamamagitan ng pagbabayad ng sobrang asset sa bill sa ospital at iba pang mga naaprubahang medikal na gastusing babayaran mula sa sariling bulsa.

- 6.) Proseso ng Aplikasyon

Maaaring mag-apply ang mga pasyente para sa Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey sa pamamagitan ng pagtawag sa Financial Counseling Department sa (201) 894-3031 upang hilinging padalhan sila ng aplikasyon. Maaari din silang mag-apply nang personal sa Financial Counseling Department. Hihilingin sa mga pasyente na magbigay sila ng katibayan ng kita at mga asset nang may mga kasamang kopya ng mga pay stub, bank statement, tax return, atbp.

Ang mga pasyente ay mayroong hanggang isang taon mula sa petsa ng serbisyo upang mag-apply para sa Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey. Bibigyan ang mga pasyente ng pagpapasya/card para sa Pangangalagang Pangkawanggawa (Charity Care) na nagsasaad sa resulta ng kanilang aplikasyon.

- 7.) Ang mga pasyenteng mag-a-apply para sa Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey ay dapat i-screen upang matukoy ang potensyal na kwalipikasyon para sa anumang mga benepisyo ng third-party na insurance o mga programa ng medikal na tulong (gaya ng Medicaid) na maaaring magbayad sa bill sa ospital. Maaaring hindi maging kwalipikado ang mga pasyente para sa Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey hanggang sa matukoy na hindi sila kwalipikado para sa anumang iba pang mga programa ng medikal na tulong.
- 8.) Ang EHMC ay mayroong empleyado ng Bergen County Board of Social Services na nasa Medical Center tatlong araw o higit pa bawat linggo upang tumulong sa mga aplikasyon sa Medicaid para sa mga pasyenteng mapagpapasyahang kwalipikado para sa Medicaid.
- 9.) Sumangguni sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong upang malaman ang mga alituntunin sa Pinansyal na Tulong ng EHMC.
- 10.) Sumangguni sa Patakaran sa Pagsingil at Pangongolekta upang malaman ang mga proseso ng pagsingil at pangongolekta ng EHMC.

ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER		NO.: 400.34
MANUAL NG PATAKARAN AT PROSESO - SEKSYON Mga Administratibo at Pansuportang Serbisyo	PAKSA: Patakaran ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital (Pangangalagang Pangkawanggawa) ng New Jersey	PETSA: 1/1/2016
		Pahina 3 ng 3
		PINAPALITAN ANG: Bago
		NIREPASO:

11.) Makakakuha ng hard copy ng patakarang ito sa Financial Counseling Department, gayundin sa lahat ng lugar kung saan May Access ang Pasyente sa Medical Center at sa lahat ng off-site na lokasyon ng EHMC. Mababasa rin ang patakarang ito sa website ng Englewood Hospital and Medical Center sa www.inglewoodhealth.org

	INAPRUBAHAN NI: Warren Geller, Presidente at CEO
--	--

ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER		NO.: 400.36
MANUAL NG PATAKARAN AT PROSESO - SEKSYON Mga Administratibo at Pansuportang Serbisyo	PAKSA: Patakaran sa Pagsingil at Pangongolekta	PETSA: 1/1/2016
		Pahina 1 ng 2
		PINAPALITAN ANG: Bago
		NIREPASO:

Patakaran

Ginagamot ng Englewood Hospital and Medical Center (EHMC) ang lahat ng pasyente, mayroon o wala man silang kakayahang bayaran ang lahat ng pangangalagang pang-emergency at medikal na kinakailangan. Ang nasasaklaw lang ng patakaran ito ay ang lahat ng pagsingil at pangongolekta para sa Englewood Hospital and Medical Center at hindi nito nasasaklaw ang anumang mga pagsingil at pangongolekta para sa mga serbisyo ng propesyonal.

Mga Proseso

- 1.) Ang mga bill para sa lahat ng pasyenteng may insurance ay direktang ipapadala sa kumpanya ng insurance ng pasyente mula sa EHMC. Kung tanggihan ng kumpanya ng insurance ang claim sa mga dahilang gaya ng: nagamit na ang mga benepisyo, pang-eksperimento, medikal na pangangailangan, dati nang kundisyon, mga hindi nasasaklaw na singilin, atbp., sisingilin ang pasyente sa walang insurance na rate ng porsyento ng mga kabuuang bayarin tulad ng nakasaad sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong.
- 2.) Kung bayaran ng insurance ng pasyente ang claim at may halaga ng nababawas, copay o co-insurance na dapat bayaran ng pasyente, sisingilin ng EHMC sa pasyente ang halagang isasaad ng kumpanya ng insurance bilang responsibilidad ng pasyente.
- 3.) Ang mga bill para sa mga pasyenteng walang insurance ay babawasan alinsunod sa porsyento ng mga kabuuang bayarin tulad ng inilalarawan sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong.
- 4.) Makakatanggap ang mga pasyente ng mga billing statement at sulat sa pangongolekta mula sa EHMC para sa lahat ng balanseng itinuturing na responsibilidad ng pasyente. Isasaad sa mga billing statement at sulat sa pangongolekta ang impormasyon tungkol sa pagiging available ng pinansyal na tulong.
- 5.) Susubukan ng mga empleyado ng Financial Counseling Department na makipag-ugnayan sa pasyente sa pamamagitan ng pagtawag hinggil sa mga hindi pa nababayaranang balanse na \$5,000 o mas malaki pa na itinuturing na responsibilidad ng pasyente. Ipapaliwanag nila ang pagiging available ng pinansyal na tulong kapag nakikipag-usap sa pasyente. Idodokumento ang lahat ng tawag alinsunod sa pampinansyal na sistema.
- 6.) Bukod pa sa pinansyal na tulong, mag-aalok sa mga pasyente ng mga plan ng pagbabayad. Maaaring buwan-buwang bayaran ng mga pasyente ang mga balanseng hindi pa nababayaran. Aaprubahan ang mga plan ng pagbabayad para sa isang taon. Ang mga plan ng pagbabayad na lalampas sa isang taon ay dapat aprubahan ng Financial Counseling Manager.
- 7.) Ang lahat ng hindi pa nababayaranang balanse na dapat bayaran ng mga pasyente ay itatalaga sa mga panlabas na ahensya sa pangongolekta kapag hindi nagtagumpay ang mga pagsubok sa

ENGLEWOOD HOSPITAL AND MEDICAL CENTER		NO.: 400.36
MANUAL NG PATAKARAN AT PROSESO - SEKSYON Mga Administratibo at Pansuportang Serbisyo	PAKSA: Patakaran sa Pagsingil at Pangongolekta	PETSA: 1/1/2016
		Pahina 2 ng 2
		PINAPALITAN ANG: Bago
		NIREPASO:

pangongolekta ng EHMC. Susubukan ng mga ahensya sa pangongolekta na singilin ang pasyente. Kung hindi matanggap ang buong bayad, aabisuhan ng mga ahensya sa pangongolekta ang pasyente sa pamamagitan ng mail na maaari silang magsagawa ng mga hindi pangkaraniwang hakbang sa pangongolekta (extraordinary collection action o ECA) tulad ng nakasaad sa seksyon 501(r) ng IRS na maaaring kabilangan ng mga pagdedemanda na kinabibilangan ng mga pagkakaltas sa sahod, pagkontrol sa mga bank account at paglalapat ng mga prenda sa mga pag-aaring nasa Estado ng New Jersey. Dapat abisuhan ang pasyente ng mga ahensya sa pangongolekta sa pamamagitan ng sulat 30 araw o higit pa bago magsagawa ng mga ECA. Hindi magsasagawa ng mga ECA ang mga ahensya sa pangongolekta hanggang sa lumipas ang 120 araw o higit pa pagkatapos ng petsa ng unang billing statement na ipinadala ng EHMC pagkatapos ng paglabas ng ospital.

- 8.) Ang lahat ng pagtatalaga sa mga panlabas na ahensya sa pangongolekta ay aaprubahan ng Financial Counseling Manager.
- 9.) Sumangguni sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong upang malaman ang mga alituntunin sa Pinansyal na Tulong ng EHMC.
- 10.) Sumangguni sa Patakaran ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital/Pangangalagang Pangkawanggawa (Charity Care) ng New Jersey upang malaman ang mga proseso sa pag-a-apply para sa tulong sa pamamagitan ng Programa ng Tulong sa Pagbabayad ng Pangangalaga sa Ospital/Pangangalagang Pangkawanggawa ng New Jersey sa EHMC.
- 11.) Available ang patakarang ito kapag hiniling sa Financial Counseling Department. Mababasa rin ang patakarang ito sa website ng Englewood Hospital and Medical Center sa www.inglewoodhealth.org

	INAPRUBAHAN NI:
	Warren Geller, Presidente at CEO